# Mga Service Mission:
# Gabay para sa mga Area Seventy

*Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng maikling buod ng service missionary program at ng inyong mga responsibilidad bilang Area Seventy. Nariyan ang Service Mission Office at mga support adviser para magbigay ng karagdagang impormasyon at mga materyal.*

## Mga Service Missionary



Ang indibiduwal na mga talento, kasanayan, at kaloob ng ilang karapat-dapat na young adult na kalalakihan at kababaihan ay maaaring  maging dahilan para maging mas angkop para sa kanila na maglingkod sa service mission. Ang service missionary program ay nagpapahintulot sa kanila na gamitin ang kanilang mga talento at kakayahan na maglingkod sa Panginoon sa makabuluhang mga paraan. Maaaring kabilang din sa mga service missionary ang mga umuwi nang maaga mula sa mga teaching mission.

Ang mga pamantayan sa pagkamarapat ay parepareho sa lahat ng missionary. Ang stake president ang responsable sa simbahan para sa service missionary. Ang mga service mission leader ang responsable sa pagtulong sa service missionary na makahanap ng makabuluhang mga pagkakataong maglingkod at magkaroon ng mga karanasan sa misyon na nakapagpapabago.

Ang Layunin ng Service Mission: "Ang ating layunin ay tulungan ang iba na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila na tulad ng gagawin ng Tagapagligtas. Boluntaryo tayong naglilingkod sa mga organisasyong pangkawanggawa, mga gawain sa Simbahan, at sa loob ng komunidad. Maglilingkod tayo sa Kanyang pangalan sa taong nangangailangan, tulad ng Kanyang ginawa, na ipinapahayag ang Kanyang mapagmahal na kabaitan."

## Ang Inyong mga Responsibilidad

*Ang mga responsibilidad ng Area Seventy sa service missionary program ay tulad ng sumusunod:*

- Maunawaan ang service missionary program at support structure.
    - Liham ng Unang Panguluhan noong 11-16-2018: https://www.churchofjesuschrist.org/bc/content/shared/english/service-missionary/Service-Missions-for-Young-Missionaries-Leaders.pdf?lang=eng
    - Website ng service missionary: https://www.churchofjesuschrist.org/service-missionary
    - Mga service mission leader: https://www.churchofjesuschrist.org/bc/content/shared/english/service-missionary/PD60008273_Service-Mission-Leaders_web.pdf?lang=eng
    - Mga Support Adviser: Ang mga support adviser ay nagbibigay ng suporta sa mga service mission leader. Naglilingkod sila bilang mga kinatawan ng Service Mission Office at nakikipagtulungan sa mga Area Seventy, stake president, at service mission leader. Ang mga support adviser ay tumutulong na i-train ang mga service mission leader, gawing posible ang mga pagbabago ng assignment at mga petsa ng pag-release sa mga service missionary, at naririyan para sagutin ang anumang mga tanong tungkol sa service missionary program.
- Tukuyin, tawagin, at i-set apart ang mga service mission leader sa mga coordinating council na pinangangasiwaan mo.
- Suportahan ang mga service mission leader sa kanilang mga calling.

## Paano Susuporta

1. Gawing posible at itaguyod ang training na maaaring ibigay ng mga service mission leader sa mga coordinating council, priesthood leader, at iba pa.
2. Ipaunawa sa mga stake president ang kanilang papel sa service missionary program.
3. Turuan ang mga miyembro at lider tungkol sa service missionary program.
4. Subaybayan ang progreso ng mga service missionary sa inyong lugar.
5. Rebyuhin ang buwanang stewardship report na ipinapadala sa inyo ng inyong mga service mission leader.
6. Solusyunan ang mga problema at lutasin ang mga isyu kapag nagkaroon.

## Mga Tanong?

- Bisitahin ang ChurchofJesusChrist.org/service-missionary.
- Tumawag sa Service Mission Office sa Salt Lake City sa 1-801-240-4914, o mag-email sa support-servicemission@churchofjesuschrist.org.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 10/22. Pagsasalin ng *Service Missions: A Guide for Area Seventies*. Tagalog. PD60008274 893. Inilimbag sa Pilipinas